Department of Education
Region III
Schools Divisions of

**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA MOTHER TONGUE 3**

Pangalan: ______________________________ Petsa:_______________

I. Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Mga Ulap

Isang umaga sa Paaralang Elementarya ng Sta. Cruz ay pinag aralan ng mga bata sa ikatlong baitang ang mga ulap. Tinitingnan nila ang mga larawan ng mga ulap.Nagsalita si Bb. Rosal, " kung minsan wala tayong nakikitang asul sa langit dahil na tatakpan ng ulap ang buong kalangitan. May mga araw naman na makikita natin sa langit ang mga ulap na tinatangay ng hangin. Mayroon din namang mga ulap na tila mga puting balahibo. At mayroon ding maitim na ulap na kasama ang bagyo. "

" Naglalakbay po ba ang mga ulap?" Tanong ni Juanito.

"Oo Juanito," sagot ng guro. " Kapag may hangin natatangay sila. Maaari silang kumilos ng kasing bilis ng eroplano."

1. Anong baitang ang mga bata?
   a. Una b. Ikalawa c. Ikatlo d. Ikaapat
2. Ano ang pinag - aaralan ng mga bata?
   a. Ibon b. Isda c. Ulap d. Halaman
3. Saan naganap ang kuwento?
   a. parke c. simbahan
   b. paaralan d. palengke
4.Sino ang guro sa baitang tatlo?
   a. Bb. Rosal c. G. Robles
   b. Gng. Ramos d. G. Juanito
5. Ang mga ulap ay _________?
   a. Naglalakbay c. Lumilipad
   b. Naglalakad d. Nawawala

II. Tukuyin ang kategorya ng mga pangngalan sa ibaba. Isulat ito sa angkop ng kolum sa tsart.

guro banyo kaarawan sabon langaw

| Tao | Hayop | Bagay | Pook | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| 6. | 7. | 8. | 9. | 10. |

III. Bilugan ang pangngalang tumutugon sa kailanan na nasa loob ng panaklong.

(dalawahan) 11. Ang mag-ina ay niyakap ng tatay habang nag-iiyak ang mga tao sa paligid.
(isahan) 12. Nag-alay ang bata ng bulaklak sa altar
(maramihan) 13. Matiyagang itinanim ng lalaki ang maliliit na puno sa paligid ng kanyang tahanan.
(dalawahan) 14. Nagpunta ang mag – ama sa simbahan.
(isahan) 15. Mabilis na pinuntahan ng guro ang silid- aralan.

V. Tukuyin kung anong bahagi ng aklat na inilalarawan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

16. Bahagi ng aklat na nagpapakita ng pamagat, may – akda at gumuhit ng mga larawan.
   a. glosari c. katawan ng aklat
   b. pabalat ng aklat d. talaan ng nilalaman
17. Bahagi ng aklat na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga aralin at pahina kung saan ito mababasa.
   a. talaan ng nilalaman c. pabalat ng aklat
   b. katawan ng aklat d. glosari
18. Bahagi ng aklat kung saan makikita ang nilalaman ng aklat.

a. Talaan ng nilalaman c. katawan ng aklat
b. pabalat ng aklat d. glosari

19. Bahagi ng aklay na nagsasaad ng kahulugan ng mga salitang ginamit.s
a. glosari c. katawan ng aklat
b. talaan ng nilalaman d. pabalat ng aklat

VI. Tukuyin ang uri ng mga sumusunod na pangngalan. Isulat ang mga ito sa angkop na kahon.

a. bote ng mantika b. bibingka c. isang mansanas
d. sampung mangga e. silid-aralan f. isang daang puting tupa

| Pangngalang Pamilang | Pangngalang Di-Pamilang |
|---|---|
| 20.__________________ | 23.__________________ |
| 21.__________________ | 24.__________________ |
| 22.__________________ | 25.__________________ |

VII. Suriin ang mga pantig sa ibaba. Basahin ang paglalarawan at isaayos ang mga ito upang mabaybay nang wasto ang salita.

26. Dala – dala ito ng mga nagbyahe lalo mula s ibang lugar.
*he ba ga*
a. gabahe b. bahega c. bageha d. bagahe

27. Ito ay masustansya at dapat kainin tulad ng gulay.
*tas pru*
a. rupsat b. pruats c. prutas d. satpru

28. Ito ay ginagamit upang paglagyan ng pagkain.
*to pla*
a. plaot b. plato c. palto d. patlo

29. Ginagamit ang salitang ito kung ang ninanais ay maaaring magkatotoo.
*sa u ma a*
a. umaasa b. aasa c. aasahan d. aasam

30.Siya ay kapwa na kasama kung ikaw ay masaya man o malungkot.
*i ka bi gan*
a. gankaibi b. kabigani c. kaibigna d. kaibigan


31. Maaaring pagtaniman ito ng gulay o prutas.
*din har*
a. hradin b. hardin c. harnid d. haridn

VIII. Basahin ang kalagayan at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang titik tamang sagot.

Nagmamadaling maglakad si Linda papasok sa eskwela dahil mahuhuli na siya sa klase, nang may nakita siyang matandang babae na papatawid sa kalsada at madaming bitbit na paninda.

32. Kung ikaw si Linda ano ang gagawin mo?
a. Ipagpapatuloy ko ang pag lalakad c. Tutulungan ang matanda sa pagtawid
b. Hindi papansinin ang matanda d. Wala sa nabanggit.

33. Bakit nag mamadaling maglakad si Linda?
a. Mahuhuli sya sa klase. c. Bibili ng gamit sa eskwela
b. Makikipaglaro sa kaibigan d. Magtitinda sa palengke



IX. Suriin ang larawan. Magbigay ng isang suliranin at isang kalutasan.

**34.Suliranin:**___________________________________________________________________

**35.Kalutasan :** _________________________________________________________________

**TALAHANAYAN NG KASANAYAN SA**
**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA**
**MOTHER TONGUE III**

| KASANAYAN | BILANG NG ARAW | BAHAGDAN | BLG. NG AYTEM | KINALALAGYAN |
|---|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ang mga elemento ng kwento | 6 | 21 | 7 | 1,2,3,4,5,32,33 |
| 2. Naipapangkat ang pangngalan ayon sa uri nito | 5 | 15 | 5 | 6, 7, 8, 9, 10 |
| 3. Nagagamit nang wasto ang pangngalang pamilang | 5 | 15 | 5 | 11, 12, 13, 14, 15 |
| 6. Nailalarawan ang bahagi ng aklat | 4 | 12 | 4 | 16,17,18,19 |
| 7. Nakikilala ang pagkakaiba ng pangngalng pamilang at di pamilang | 5 | 18 | 6 | 20,21,22,23, 24,25 |
| 7.Nababaybay ng wasto ang mga salita mula sa nabasang kwento | 5 | 18 | 6 | 26,27,28,29,30,31 |
| 8. Nakapagbibigay ng suliranin at kalutasan batay sa larawan. | 2 | 1 | 2 | 34,35 |
| Kabuuan | 45 | 100 | 35 | 35 |

**Prepared by:**

**Master Teacher I**

**Noted by:**

**Principal I**

**Susi sa Pagwawasto**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | d | 11. | mag - ina | 21. | b | 31. | d |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2. | c | 12. | bata | 22. | a | 32. | c |
| 3. | b | 13. | maliliit na puno | 23. | c | 33. | b |
| 4. | a | 14. | mag - ama | 24. | a | 34. | a |
| 5. | a | 15. | guro | 25. | a | 35. | d |
| 6. | guro | 16. | M | 26. | b | 36. | b |
| 7. | langgam | 17. | S | 27. | e | 37. | c |
| 8. | sabon | 18. | M | 28. | c | 38. | a |
| 9. | banyo | 19. | S | 29. | d | 39. | Sariling sagot ng Mag-aaral |
| 10. | kaarawan | 20. | S | 30. | f | 40. | Sariling sagot Mag-aaral |